

PAG-LILIBOT SA SYSTEM NG KATARUNGANG PANG-CRIMINAL (PANGGAWAING LABAG SA BATAS)



Opisina ng Abogado ng Distrito sa County ng Los Angeles

Maaring nakapanibago at nakasisindak ang mga paglilitis sa hukumang pang-criminal. Hindi pa nakapapasok sa silid-hukuman ang ilang tao at mangmang kung ano ang aasahan.


Hinahangad ng pamphlet na ito na ipaliwanag ang pamamaraan ng katarungang pang-criminal gaya sa paggamit ng mga may-gulang at mga kabataan na na-charge (nasakdal) bilang may-gulang at ipakilala sa mga nagbabasa ang mga pangkaraniwang katawagan. Ipinaliliwanag din ang mga serbisyo at karapatan na magagamit ng mga victim (naapi) ng crime (paglabag sa batas).

Sa Los Angeles County District Attorney's Office (tanggapan ng piskal), ang pangunahing sadya namin ay i-prosecute (usigin) ang mga criminal, at ang pakikisama ng mga victim at mga witness (saksi) ay mahalagang-mahalaga para makuha ang katarungan.

Alang-alang sa layunin na ito, tinutulungan ng District Attorney's Victim-Witness Assistance Program (pagtulong sa mga naapi-saksi) ang mga victim at witness habang kalahok sila sa pagsasagawang ito.

Inaasahan namin na makatutulong ang pamphlet na ito sa mga victim, witness at taong-madla na mauunawaan nang mas mahusay kung papaano tumatakbo ang system ng katarungang pang-criminal.

Para matutuhan ang karagdagan tungkol sa District Attorney's Office at mga program nito, dalawin ang website namin sa <http://da.lacounty.gov>.


Steve Cooley
Abogado ng Distrito
Los Angeles County

ANG PAMAMARAAN

Nag-i-investigate (nagsisiyasat) ang mga tauhang pang-law-enforcement (pangtupad ng batas) at, kung nakahanap ng sapat na evidence (katibayan), nagdarakip. Ngunit unang hakbang lamang ang pagdakip sa pamamaraang katarungang pang-criminal.

Pagkatapos ng pagdakip, pinapasyahan ng mga prosecutor (tagausig) kung mayroong sapat na katibayan para magsampa (mag-file) ng mga sakdal. Kung mayroon ngang ganitong katibayan, magsasampa sa hukuman ng isang complaint (sumbong) na criminal.

Sa mga kasong pang-criminal, pangangatawanan ng attorney ang bawat panig. Inuusig ng mga deputy district attorney, na kumakatawan sa Mga Mamayan ng State of California, ang mga kasong pang-criminal.

May karapatang pang-constitutional (sa saligang bastas) ang defendant (nakasakdal) na pangatawanan ng isang attorney. Kung hindi kayang bayaran ng defendant ang isang attorney, maghihirang ang judge (hukom) ng isa. Sa ilang kalagayan, maaring pangatawanan ng defendant ang kanyang sarili.

Kapag nakasampa na ang complaint na felony (malubhang paglabag sa batas), ihaharap ang kaso sa isang judge sa pamamagitan ng preliminary hearing (paunang pagdinig) o sa isang grand jury (lupong tagasakdal) para mapagpasyahan kung mayroong sapat na katibayan para tumuloy sa trial (paglilitis).

Kung mag-plead (sumagot) na guilty (may-sala) ang defendant o ma-convict (mahatulang may-sala) sa trial, bibigyan ng sentence (hatol) ng judge na mabilibid, makulong, ma-probation (paglayang may-tadhana) o iba pang kaayusang pamparusa.

Kung ma-acquit (mapawalang-sala) ang defendant sa trial, palalayain siya.

MGA MAHALAGANG KATAWAGANG LEGAL

Acquittal (pagpapawalang-sala): Pangkatapusang pagpasya ng judge o jury na hindi napatunayan ng prosecution (nag-uusig) na guilty ang defendant nang walang makatwiran na pag-aalinglangan.

Arraignment (pagbabasa ng sakdal): Isang paglilitis sa hukuman kung saan hinaharap ang defendant sa isang judge, binibigyan-alam ng mga charge laban sa kanya, at nagtatala na plea – pakaraniwan “not guilty” (walang-sala).

Closing Argument (panghuling pangangatwiran): Pagkatapos naharap na ang lahat ng salaysay at katibayan sa trial, magsasalita nang panghuli ang kapwa prosecutor at attorney ng defense (patatangol) na nagsa-summarize (nagbubuod) ng kanyang kaso.

Complaint (sumbong): Isang document na isinampa ng prosecution na nagsasakdal ng isa o higit pang mga tao sa pagganap ng isa o higit pang crime.

Continuance (pagpapaibang-araw): Isang pag-atraso ng paglilitis sa hukuman na inutos ng judge dahil sa mga iba-ibang kadhilan.

Conviction (mahatulang may-sala): Pangkatapusang pagpasya na ginanap nga ng defendant ang (mga) crime gaya sa pagkasakdal. Nangyayari ang conviction kapag nahanap ng judge o jury na guilty ang defendant o kapag nag-plead ang defendant ng guilty o no contest (hindi tumututol).

Felony (malubhang paglabag sa batas): Malubhang crime na maaring parusahan ng sentence sa state prison (bilibid) o death penalty (parusang pagbitay). Tinatawag na “wobblers” (uuga-uga) ang ilang felony at maaring ma-charge bilang misdemeanor.

Grand Jury (lupong tagasakdal): Isang lupong 23-na-kalahok na mga mamamayan na may-kapangyarihang makinig sa mga evidence na hinaharap ng prosecution at maglathala ng mga indictment (naksulat na sakdal), na mga document na nagtsa-charge ng isa o higit pang tao sa pagganap ng isa o higit pang crime.

Misdemeanor (maliit na paglabag sa batas): Isang crime na mapaparusahang hindi lalampas sa isang taon sa county jail (kulungan) o, sa pangkaraniwan, isang multang \$1,000.

Motion (mungkahi): Isang nakasulat o pasalitang hiling ng isang attorney na humihingi sa isang judge ng ruling (kapasintahan) na legal sa isang kaso.

Opening Statement (pabungad na pahayag): Bago maharap sa trial ang anumang salaysay o katibayan, magpapahayag nang pangsimula ang kapwa prosecutor at attorney ng defense na nag-a-outline (balangkas) ng katibayan na inaasahan nilang iharap.

Plea (sagot): Ang sagot ng defendant sa (mga) charge laban sa kanya. Maaring sumagot ang defendant ng not guilty, guilty o no contest.

Preliminary Hearing (paunang pagdinig): Isang paglilitis sa hukuman sa mga kasong felony kung saan dapat iharap ng prosecution ang katibayan na nagpapatunay ng (mga) charge na na-file laban sa defendant. Pagpapasalahan ng isang judge kung sapat ang katibayan at kung dapat tumuloy sa trial ang kaso.

Presumption of Innocence (pagpapalagay na kawalang-sala): Isang simulain ng batas na pang-criminal na pumipilit sa mga prosecutor na patunayan ang pagkasala ng defendant na pang-criminal at tinatangal ang anumang tungkulin sa defendant na patunayan ang kanilang pagkawalang-sala.

Reasonable Doubt (makatwirang pag-aalinlangan): Isang saligan ng katibayan na dapat mahigitan para mahanap na may-sala ng isang crime ang defendant; isang pag-aalinglangang batay sa katwiran at common sense (pag-iisip) pagkatapos ng masusi at walang-kiling na pagsasaalang-alang ng lahat ng katibayan.

Restitution (pagbayad-pinsala): Perang binabayad sa isang victim na nakaranas ng pakawalang financial gaya ng ninakaw ng kaarian, kuwentang pang-medical at gastos pang-funeral na kinalabasan ng isang crime.

Sentencing (paghahatol): Isang paglilitis sa hukuman kung saan tinatakda ng judge ang parusa sa isang convict, na maaring kabilang ang mabilibid, makulong, ma-probation o iba pang kaayusan.

Subpoena (utos): Isang sapilitang legal na tawag para humarap sa hukuman.

Testimony (salaysay): Anumang ginawaang pahayag, o pagsagot, ng isang witness na nasa ilalim ng sumpa sa hukuman. Maaring makatagpo ang witness ng dalawang uring pagtatanong kapag nagsasalaysay sila:

Ang Direct Examination ay ang nauunang pagtatanong sa witness ng attorney na tumawag sa taong iyon na magsalaysay. Maaring tumawag ng mga witness ang kapwa mga prosecutor at attorney na pang-defense.

Ang Cross-Examination ay ang pagtatanong sa witness ng kasalungat na attorney na hindi tumawag sa taong iyon na magsalaysay. Sadya ng cross-examination na palinawin o pasinungalinan ang salaysay na ginawa sa direct examination.

Verdict (pagpasya): Ang pangkatapusang nagkaiisang pasya ng jury na nagtatakda kung guilty o hindi ang isang defendant. Kung hindi makaabot ng nagkaiisang verdict ang mga juror (kawani ng jury), magpapahayag ng mistrial (masamang paglilitis) ang judge at maaring haharap ang defendant sa bagong trial sa harap ng bagong jury.

PAGDADALO SA PAGLILITIS SA HUKUMAN

Maaring dumalo sa paglilitis sa hukuman ang mga victim, kanilang pamilya at mga kaibigan at mga taong-madla para manuod ng mga legal na pagtatalo, salaysay at kapasyahan ng hukuman. Para sumunod sa etiquette (kaugalian) ng hukuman, mangyaring:

- Magibihis nang maayos.
- Huwag magsuot o magtanghai ng anumang buton o iba pang bagay na may-pagkilanlan sa victim.
- Liwan ang mga inumin, pagkain at gum sa labas ng silid-hukuman.
- Tumayo kapag inutos nang ganoon ng bailiff (tumutulong na alagad) o judge.
- Iwasan ang pagsasalita sa loob ng silid-hukuman.

■ Huwag magsalita nang malapit sa kawani ng jury o subukang makiusap o makipagtalastasan sa isang kawani ng jury.

■ Kapag binabasa ang verdict, iwasan ang anumang bulalang pagsalita o iba pang tugong nakagugulo.

■ Maaring paalisin ng judge sa silid-hukuman ang mga taong sanhi ng kaguluhan o hindi sumusunod sa kaayusan ng hukuman.

■ Dapat iwasan ng mga victim at kanilang pamilya at mga kaibigan ang salungatan sa pamilya ng defendant at hindi dapat makipagtalastasan sa isang defendant.

■ Patalastasan kaagad ang police at mga pinunong hukuman kung may-maganap na mga banta, kilos nang pananakot o pagtatangkang hikayating huwag lumahok ang victim o kanyang pamilya sa mga paglilitis.

■ Sa mga kasong homicide (pagpatay ng tao) na criminal, maaring magharap ng mga masasagwang letrado ng victim bilang evidence. Maaring pag-isipan ng ilang kapamilya ng lumabas ng silid-hukuman bago iharap ang ganitong evidence.

PAGSALAYSAY SA HUKUMAN

■ Ang isang witness na tinawag ng magsalaysay ng alinman sa prosecutor o attorney ng defense ay dapat na:

■ Magsalita palagi ng katotohanan.

■ Makining nang maiige at sagutin lamang ang binanggit na katanungan; sumagot ng “oo” o “hindi” kung iyon ang hinihingi ng katanungan; and huwag magdagdag nang kusang-loob ng ano pa.

■ Humiling na ulitin ang katanungan kung nakalilito ito o hindi naunawaan; at huwag manghula kung hindi niya alam ang sagot.

■ Maging mapaumanhin at magalang sa pagsagot ng mga katanungan ng attorney – pinapayagan ang kapwa attorney na magtanong sa witness.

■ Humiling na pag-aralan ang kanyang mga naunang pahayag na may-kinalaman sa kaso – gaya ng mga pahayag sa police – bago magsalaysay; maging handan na sumagot sa mga katanungang nauukol sa mga ito.

■ Mag-hintay hanggang utusan siya ng judge na sagutin ang katanungan kapag mag-object (tumutol) ang isang attorney sa katanungan.

■ Magsalita nang matunog at malinaw.

■ Magbihis nang maayos.

PAGTULONG SA VICTIM

Handa ang District Attorney's Victim-Witness Assistance Program sa mga bahay-hukuman at himpilan ng police sa buong bansa para tulungan ang mga victim ng crime na napinsala o binantaan ng kapinsalaan.

Nag-kakaloob ang mga kinatawanang pang-serbisyo ng pagtulong at mga gamit-yaman sa mga victim para tulungan silang manatiling ligtas at magpadala sa pagsasangguni para tukuyin ang trauma (kaguluhan ng pag-iisip) ng pagkakaapi.

Maliban sa pagtulong sa makakuha ang mga victim ng restitution, nag-aalay sa victim ang mga kinatawanang pang-serbisyo ng mga serbisyong crisis-intervention (pamamagitan pang-matinding pagkabalisa) at mga kinakailangang pagsasangguni para sa mga victim ng crime at kanilang pamilya; tumulong sa paghiling ng protective order (pagkukop sa ilalim ng batas); patnubayan ang mga victim sa buong paglilitis sa hukuman; tumulong na mag-ayos ng pang-emergency na tirahan, pagkain at damit; at tumulong na humiling ng compensation (tulong na pera) sa pamamagitan ng California Victim Compensation Program.

Maaring karapat-dapat ang mga victim ng karahasan o binantaan ng karahasan na mayroong police report (sumbong sa police) na makatanggap ng compensation para sa mga angkop na pakawalan o gastos na kaugnay sa crime gaya ng pagkawala ng sahod at paglipat ng tirahan, gastos pang-medical at pampagsasanguni.

Handang tulungan sa ilang wika ang mga victim ng mga kawaning tauhan.

VICTIM-WITNESS ASSISTANCE PROGRAM

(PAGTULONG SA MGA NAAPI-SAKSI)

NG LOS ANGELES COUNTY DISTRICT ATTORNEY (PISKAL)

1-800-380-3811

<http://da.lacounty.gov/vwap>

PAHAYAG NG VICTIM TUNGKOL SA BISA

Sa pag-sentence ng defendant, may karapatan ang victim na gumanap ng pahayag na nagpapaliwanag kung ano ang bisa noong crime sa kanya at kanyang pamilya at mga kaibigan. Kung hindi maari o nag-aatubili ang victim na mag-salita sa hukuman, maaring ipabasa niya sa ibang tao ang kanyang pahayag o mag-bigay sa judge ng pahayag na naka-record o nakasulat.

BAYAD-PINSALA

May karapatan ang mga victim na magpautos sa judge na nagse-sentence sa na-convict na defendant na bayaran ang mga pagkawalang financial na nagmula sa crime. Dapat magbigay ang mga victim na kaalaman tungkol sa mga pagkawala, kabilang ang halaga sa dollar, sa mga prosecutor, pinunong pang-probation at tauhan ng Victim-Witness Assistance Program. Dapat itago ang mga receipt at mga iba pang document na magpapatunay sa mga pagkawala at dalhin sa pagdinig na pang-restitution na maaring iutos ng judge.

Kung magpahayag ng bankruptcy (lugi) ang na-convict na defendant, dapat bayaran niya pa rin ang restitution. Mababawas ang restitution sa kuwentang pang-bilibid at sahod ng convict na na-sentence sa bilibid.

PATALASTAS SA PAROLE

May-karapatan ang victim na mabigyan-alam tungkol sa lahat na mga padinig na pam-parole at mag-alay ng kaalaman na isasaalang-alang bago gawain ang pagpasya ukol sa pagpakawala ng convict.

May-karapatan din ang victim na mabigyan-alam tungkol sa anumang pagbabago ng katayuan ng convict, gaya ng pagpakawala kapag natapos ang sentence, pagtakas o pagkamatay.

Para matiyak ang pagpatatalastas, dapat ganapin ng victim ang Request for Victim Services (kahilingan para sa mga serbisyong pang-victim) Form 1707 ng California Department of Corrections and Rehabilitation (CDCR) at palaging bigyan-alam ang Office of Victim and Survivor Rights and Services ng CDCR tungkol sa kanyang address na pangkasalukuyan. Para makakuha ng mga form at tagubilin panggamit, tawagan ang 1-877-256-6877 o dalawin ang www.cdcr.ca.gov/victim_services.